

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 4 Blg. 1

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Enero-Pebrero 2016

*Ayon kay Samuel Mercader*

## 'Gawing bisyo ang pag-aalaga ng kalabaw, dulot nito'y labis na kaginhawaan'

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Si Samuel Mercader kasama ang kaniyang kalabaw.

**Minsan, dumarating sa buhay ng isang magsasakang maggagatas ang pagkainip at pagkapagod sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw lalo na kung mahirap itong magbuntis at mahinang gumatas.**

Nguni't para sa mag-asawang Samuel at Erlinda Mercader, kapwa miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa barangay Sibut, San Jose City, hindi solusyon ang pagsuko dahil wastong pag-aalaga at pagpapakain lang sa kalabaw ang kailangan para gumanda ang pangangatawan at lumakas ang produksiyon nito ng gatas.

Taong 2007 nang maging miyembro ng EPMPC si Samuel. Siya ay napagkalooban ng isang kalabaw ng Philippine Carabao Center (PCC) noong 2011 at isa pa noong 2012, taong naging miyembro rin ang kaniyang asawang si Erlinda.

Nagsimulang ilipat ng PCC at ng kooperatiba sa mag-asawa ang mga kalabaw na isinauli ng mga kapwa nila magsasakang maggagatas noong 2014 dahil nasaksihan ng lahat ang maayos nilang pag-aalaga at pamamahala sa mga kalabaw. Sa kabuuan, lima ang nailipat kay Samuel habang apat naman ang kay Erlinda.

"Kailangan lang ng tamang pagmomonitor sa mga alagang kalabaw. Dapat tutukan at seryosohin talaga ang pag-aalaga," paliwanag ni Samuel. "Hindi totoo na mahirap silang magbuntis at mahinang magbigay ng gatas dahil noong napunta naman sila sa amin ay kaagad naman silang nagbuntis at nagbigay ng gatas. Hindi dapat kaagad mainip at sumuko".

Tutok at tiyaga ang sikreto ng mag-asawa para kagyat na matugunan ang pangangailangan ng mga kalabaw. Kapag nakitaan na nila ng senyales ng paglalandi ang mga

alagang kalabaw ay oobserbahan na at agad magpapatawag ng *village-based artificial insemination technician (VBAIT)*. Kung hindi naman kaagad makarating ang VBAIT ay ipabubulog nila ito sa bulugang alaga ng ibang miyembro ng kooperatibang malapit sa lugar nila.

"Hindi ako nagmimintis sa pag-observa kung naglalandi na ba ang mga alaga kong kalabaw. Wala akong sinasayang na oras kaya naman mabilis silang magbuntis," ani Samuel.

Dahil sa pagpupursige ng mag-asawa, hindi nagtagal ay dumami na ang kanilang kalabaw at ngayo'y kumikita na ng Php2,000 kada araw sa gatas.

Sa kasalukuyan, ang mag-asawa ay may 12 inahing kalabaw, 10 dito ay buntis at ginagatasan, habang 14 naman ang bulo.

(Sundan sa p.3)

**Unang bahagi sa limang serve**

## Bagong kasunduan sa pagpapamahagi ng gatasang kalabaw

Nina Wilma T. Del Rosario at Charlene P. Corpuz

Para sa mas maunlad na industriya ng kalabaw at mga magsasaka sa kanayunan, ang PCC ay muling naglunsad ng panibagong kontrata sa pagpapahiram ng mga gatasang kalabaw sa mga kwalipikadong magsasaka at kasapi ng mga asosasyon o kooperatiba.

Ang binagong kontrata ay may dalawang uri:

Panibagong Kasunduan sa Pamamahagi ng Puhunang Gatasang Kalabaw (*Type 3A*)

- Sa kontratang ito, nakasaad ang mga alituntunin at responsibilidad ng bawat panig ng PCC at ng nakahiram na magsasaka.

- Ito ay gagamitin upang palitan ang kontrata ng mga magsasakang nakapailalim sa dating umiiral na kontrata na nakahiram at kasalukuyang may alagang gatasang kalabaw

- Nakasaad dito na ang unang anak ng puhunang gatasang kalabaw ay isasauli sa PCC bilang kabahagi nito. Sa susunod namang mga anak, 50:50 ang magiging hatian ng PCC at magsasaka. Ang orihinal na gatasang kalabaw o inahin ay magiging pag-aari ng magsasaka batay sa alituntuning nakasaad sa kontrata.

Bagong Kasunduan sa Pagpapamahagi ng Puhunang Gatasang Kalabaw (*Type 4*)

- Isinagawa ang kontratang ito para sa mga panibagong kalabaw na ipahihiram sa magsasakang nais magdagdag ng alagang kalabaw.

- Nakapaloob dito na ang unang anak ng kalabaw na ipinahiram sa magsasaka at ang mga susunod pang magiging anak nito ay kaagad paghahatian ng PCC at ng magsasakang nakahiram ayon sa 50:50 porsiyento na pamamaraan ng pagbabahaginan.

Pagtatasa at pagtatatakda ng halaga ng mga bulong ipapanganak (*Guidelines for the Pricing of Breeder and Non Breeder Buffaloes*)

- Ang pagtatasa ay tuwing

(Sundan sa p.3)





## Tanong at Sagot

### Mga dapat malaman sa RUMENOTOMY

Ni Lester S. Verona

Ano ang rumenotomy?

Ang rumenotomy ay isang surgical operation kung saan hinihiwa at ginagawan ng butas ang rumen (kaliwang palabusugan) upang maeksamin at mapag-aralan kung ano ang nasa loob nito. Isinasagawa rin ito upang maeksamin ang reticulum at iba pang kalapit at kaugnay na bahagi.

Bakit ito isinasagawa?

Isa sa mga pangunahing dahilan ng pagkamatay ng kalabaw ay ang aksidenteng pagkain ng mga di-nalulusaw na bagay gaya ng plastik, lubid at iba pang mga ginagamit na panali sa pagkain ng kalabaw. Ang mga ito, kung naipon na, ay nagiging

solido at bumabara sa pagitan ng reticulum at omasum.

Ano ang senyales o sintomas na nakakain ng di-nalulusaw na bagay ang alagang hayop?

Mapapansing matamlay at walang gana sa pagkain ang kalabaw na nakakain ng di-nalulusaw na bagay. Pabagu-bago ang itsura ng dumi at kung minsay isa o dalawang araw itong hindi dumudumi. Mapapansin din ang pabalik-balik na kabag o bloat at tuluyang pamamayay. Ang mga sintomas na ito ay nagpapakita na ang kalabaw ay posibleng may foreign body syndrome. Sa pamamagitan ng rumenotomy, ang mga nakaing di-nalulusaw na bagay ay maaaring tanggalin upang maisalba ang buhay ng alagang kalabaw.

### Ilang paalala para sa pagtatasa ng presyo sa programang "50:50"

Ni Estella P. Valiente

- Tatasahin ang presyo o karampatang halaga ng mga ipinanganak na buffalo sa pagsapit nito sa ika-isang taon o labindalawang buwan.
- Ang pagtatasa sa halaga ng bulo ay base sa "PCC Guidelines on Pricing of Breeding and Non-breeding Buffaloes"
- Ang halagang ipapataw sa baw't kalabaw ay pantay na paghahatian ng magkabilang panig
- Ang bawat panig ay binibigyan ng isang buwang palugit upang maibigay ang bahaging kabayaran sa isa't isa.

## 'Tuloy lang sa pagtitiyaga'-PCC

Ni Charlene P. Corpuz

Mabutingpayoangisinalubong ng PCC sa mga hinaing ng mga kasapi ng kooperatibang Parista Barangay Defense System – Multi-Purpose Cooperative.

"Pagpapala po ang mga kalabaw na ipinagkaloob sa atin ng PCC kaya naman po pagtitiyagaan po natin at pagyamanin," ani Estella Valiente, community development officer ng National Impact Zone (NIZ).

Sinabi ito ni Gng. Valiente sa mga miyembro ng kooperatiba na naglabas ng kani-kanilang hinaing

sa naturang pulong na ginanap sa Lupao, Nueva Ecija. nitong Pebrero 16.

Idinulog ng mga kasapi ang kanilang problema sa mga kawani ng PCC gaya ng pagkamatay ng mga kalabaw dahil sa aksidenteng pagkakakain ng lubid at plastik, gayundin ang hirap na pagpapabuntis ng mga ito.

Ipinayo ng PCC na ang wastong pag-aalaga at pagtatali sa mga kalabaw upang magatasan, sapat na pagpapakain, at pagbibigay

(Sundan sa p.3)

## 'Salamat PCC... (mula sa p.4)

mula sa pagtatanim ng kabute at pag-aalaga ng iba pang hayop.

Programang baw't kabuhayan

Ayon kay Pascual, isang istratehiya pa sa katagumpayan ng kanilang mga gawain sa kooperatiba ay ang pagtatalaga ng lider sa baw't proyekto upang maging maayos ang pamamahala rito.

"Sina Willy Hidalgo, Liwayway Danil, at ako mismo ang itinalagang lider sa pagpapalayan, pagtatanim ng kabute, pag-aalaga ng alagaing hayop at pagbe-vermicomposting," ani Pascual.

Dagdag pa niya, nagsimula ang kooperatiba sa negosyong pagpapalayan nito lamang Enero.

"Nagsimula na kaming tulong ng PhilRice nitong Enero. Nakapagpahiram ng walong sako ng Mestizo hybrid at 15 sako ng 358 inbred sa aming kooperatiba," sabi ni Pascual. "Malaking tulong ito sa amin sapagka't may tiyak na puhunan na kami at kasiguraduhan na mapapalitan ang aming mga binhi sakaling mabagyo ang aming palayan".

Binanggit pa ni Pascual na papalitan ng PhilRice ang mga binhing naipahiram kung ang naunang binhi ay nasira nang dahil sa bagyo.

Gayundin, ani Pascual, ang binhi ay babayaran lang nila tuwing anihan.

Samantala, bukod sa pagpapalayan, ay sinabi rin ni Pascual na ang programa naman ng PhilRice sa pagpapahiram ng karagdagang alagaing hayop tulad ng baboy, kambing at manok, ay may natatangi ring sistema ng pagbabayad.

"Baw't hayop na ipagkakatiwala

sa amin ng PhilRice ay papalitan namin ng kaparehong hayop kung kailan kumita na kami sa mga ito. Ang mga kabuhayang ito ay ipahihiram din naman ng PhilRice sa ibang magsasaka," ani Pascual.

May ayuda namang Php200,000 din sa kanila ang PhilRice para sa pagtitindig ng bahay para sa vermicomposting site nila, paggagawa ng vermibed, pambili ng bulate (African night crawlers), at pagtatayo ng bahay na pagtataniman nila ng kabute na igagawad sa lalong madaling panahon.

"Sigurado na ang kita namin sa vermicomposting," ani Pascual.

Ayon kay Pascual, nasa mahigi't 100 kalabaw ang inaalagaan ngayon ng mga kasapi ng kooperatiba na maaaring kuhanan ng dumi para sa vermicomposting. Mainam din, aniya, ang vermicomposting dahil nagagamit nila itong organikong pataba sa kanilang palayan.

Sa ngayon, ayon kay Pascual, pinag-uusapan na lamang ng mga miyembro kung saan dapat na itindig ang pasilidad para gawing vermicomposting site at pabahay sa kanilang kabute.

"Lubos talaga kaming nagpapasalamat sa PCC at sa PhilRice dahil sa pagkakapili sa amin na maging benepisyaryo ng proyektong ito at sa patuloy na paggabay na ibinibigay nila sa amin para umunlad kami sa aming gawain," masayang sabi ni Pascual.

Sinabi ni Pascual na hindi imposibleng maging milyonaryo ang mga kasapi ng kooperatiba dahil sa tulong ng PCC at PhilRice basta samahan ito ng ibayong pagsisikap at pagtitiyaga.



## 'Gawing bisyo ang pag-aalaga... (mula sa p.1)



Si Samuel Mercader at ang kaniyang mga alagang hayop.

### Paraan ng pag-aalaga

Noong una, hindi maganda ang pangangatawan ng mga kalabaw na galing sa ibang miyembrong maggagatas pero dahil sa tamang pag-aalaga, ay naisaayos ang kalusugan ng mga ito.

“Mataman naming sinusunod ang payo ng *technicians* ng PCC. Ngayon, nasa 3.5 hanggang 4 na ang *body condition score (BCS)* ng mga alaga naming kalabaw. Dati ay nasa 2.5 lang ang *BCS* noong iba,” ani Samuel.

Binanggit din ni Samuel na masakit sa kanyang loob na nakikitang payat ang kaniyang mga kalabaw kaya naman inaalagaan niya itong mabuti para makakuha ng maraming gatas.

Sa pagpapakain naman ng kalabaw, idiniin ni Samuel na dapat kumpletong maibigay ang pangangailangan ng mga kalabaw gaya ng tubig, *vitamins*, regular na pagpupurga, at iba pang mga

suplemento para mapanatiling maganda ang pangangatawan ng mga ito. Pinakakain niya ang mga alagang kalabaw ng dayaming may pulot, *napier, feeds*, at bagaso ng mga mais na puti.

“Kung paano mo sila inalagaan, gayon din ang balik ng kita sa iyo,” ani Samuel.

Dalawang beses din kung maggatas si Samuel at ang kaniyang asawa. Magsisimula sila ng alas kwatro ng umaga at matatapos ng bandang alas-siyete ng umaga. Tuwing alas-tres naman ng hapon nila isinasagawa ang ikalawang paggagatas. Para sa mag-asawa, *bonding* na ang nasabing gawain.

Karaniwan na silang nakakokolekta ng 45 litrong gatas sa umaga at 42 litro naman sa hapon na binibili ng kanilang kooperatiba sa halagang Php47 kada litro.

Ayon kay Samuel, karaniwang lima hanggang anim na litrong gatas ang nakukuha niya kada kalabaw

pero noong nagdalawang beses siya ng paggagatas ay nadagdagan pa ng isa hanggang dalawang litro ang nakukuha niya sa isang kalabaw.

“Mas madali ang trabaho kapag naggagatas ng dalawang beses sa isang araw dahil nakatitipid sa oras. Napatunayan ko ring nakatutulong para mapataas pa ang produksiyon ng gatas ng kalabaw sa dalawang beses na paggagatas,” wika ni Samuel.

### Pakinabang

Apat ang anak nina Samuel at Erlinda: ang panganay ay *second year college* sa kursong *computer science*, ang pangalawa’y nasa *high school*, ang pangatlo ay *grade six*, habang ang bunso ay *kinder*. Ang pambayad sa matrikula at araw-araw na baon sa eskwela ng mga anak ay nanggagaling lahat sa kita mula sa gatas ng kalabaw.

“Ang pag-aalaga ng kalabaw ang talagang bumuhay sa amin. ‘Yong pang araw-araw na pangangailangan namin, hindi lang basta natutugunan kundi may

sumosobra pa,” pagmamalaki ni Samuel. Makakatapos ng kolehiyo ang panganay ko dahil sa gatas ng kalabaw”.

“Kung pag-uusapan lang ay ang kita mula sa kalabaw, para sa akin, sa 10 kalabaw na ‘yan ay siguro tatalunin ko pa sa kita ang magbubukid ng dalawang ektaryang palay,” dagdag pa niya.

Sa kasalukuyan, ang mag-asawa ay kumikita ng (*gross*) Php36,000 kada kinsenas sa kanilang kooperatiba. Umabot pa nga, aniya, sa Php42,000 ang naging kabuuang kita nila noong Oktubre 2015.

Dahil dito, nakapagpundar ang mag-anak ng sariling *tricycle, single na motor, hand tractor*, at nakapagpatayo na rin sila ng kanilang bagong bahay at kulungan ng mga alagang kalabaw.

Bukod sa gatas ng kalabaw, kumikita rin si Erlinda sa *vermicomposting* gamit ang dumi ng kalabaw lalo na kung panahon ng taniman ng sibuyas at pakwan sa kanilang lugar. Nagkakahalaga ng Php200 ang kada sako (40kg) ng *vermicompost* at nakapagbenta na siya ng mahigit 80 sako.

“Ang masasabi ko lang sa mga kapwa ko maggagatas, alagaan nilang mabuti ang kalabaw nila. Huwag silang mawawalan ng pag-asa. Dahil kapag ‘yong mga kalabaw ay magaganda ang pangangatawan at nagbibigay na ng gatas, siguradong tiba-tiba ang bulsa nila,” payo ni Samuel. “Mahirap man sa una, maginhawa naman sa huli dahil sa kita. Gawin nilang bisyo ang pag-aalaga ng kalabaw, sigurado ang balik na pakinabang”.

“Nagpapasalamat din ako sa PCC dahil pinagkalooban nila kami ng mga gatasang kalabaw. Dahil dito ay binangon nila kami sa kahirapan at guminhawa ang buhay namin. Nabigyan kami ng pagkakataon na maabot pa ‘yong mga pangarap namin. Kundi dahil sa PCC, baka nakiki-alaga pa rin kami ng kalabaw hanggang ngayon pero ngayon kami na ‘yong nag-uupa at nakatutulong sa iba,” pagtatapos ni Samuel.

## 'Tuloy lang... (mula sa p.2)

ng pabahay o silungan ay lulutas sa problema sa pagpapabuntis.

Idinagdag pa sa talakayan na ang tamang pagtutok at pagbabantay sa mga buwan ng paglalandi ng kalabaw ay hakbang na makatutulong upang masiguro ang pagbubuntis.

Samantala, hinikayat ni Dr. Cecilio Castañeda, *attending veterinarian*, ang mga magsasaka na ihanda ang

katawan ng kani-kanilang mga gatasang kalabaw para sa malawakang pagsasagawa ng *artificial insemination (AI)* sa Abril 18.

Sa pagtatapos ng pulong, nag-iwan ng hamon si Gng. Valiente sa mga kasaping kooperatiba na sikaping maggatas ng alagang kalabaw bilang pagtugon sa programa ng gobyerno na palawigin ang industriya ng paggagatas.

## Bagong kasunduan... (mula sa p.1)

sasapit sa ika-isang taon ang bulo na ipinanganak sa *Type 3A* at *Type 4* na kontrata

•Ayon sa mapagkakasunduan, ang baw’t panig ay may karapatan na bilhin at ariin ng buo ang bulo at may palugit na isang buwan upang maibigay ang karampatang bayad sa sino mang magnais na magmay-ari ng bulo.

•Sampung taon ang bisa ng

kasunduan at maaari pang palawigin ayon sa mapagkakasunduan at kakayahan ng magsasaka.

Para po sa karagdagan kaalaman at impormasyon ay hinihikayat po ang mga magsasakang nakahiram ng gatasang kalabaw na magsadya sa tanggapan ng PCC-NIZ.



## Ayon kay Michael Pascual

# 'Salamat PCC, PhilRice; inaasahan namin ang malaking kita mula sa proyektong Palayamanan'

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Inaasahang lalong lalago ang kabuhayan ng mga miyembro ng magsasakang-maggagatas sa Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera sa Nueva Ecija dahil sa magkabalikat na proyektong hatid ng Philippine Carabao Center (PCC) at ng "Palayamanan" ng Philippine Rice Research Institute (PhilRice) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Layon ng proyekto na mabigyan ng isang milyong kita (*gross income*) ang bawat magsasaka sa bansa sa pamamagitan ng pinagsama-samang kabuhayang salig sa pagpapalayan, pag-aalaga ng hayop, at iba pa.

Ang "Palayamanan" ay mula sa salitang "palay" at "yaman" na ang ibig sabihin ay payamanin ang mga magsasaka mula sa pagpapalay at iba pang maaaring maging negosyo na kaakibat ng pagpapalayan. Kasalukuyan itong isinasagawa sa iba't-ibang bahagi ng bansa.

Sa Nueva Ecija, ang Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera, kooperatibang ginagabayan ng PCC ay isa sa mga napili ng PhilRice upang

maging benepisyaryo ng proyekto.

Ayon kay Michael Pascual, *chairman* ng nasabing kooperatiba, lubos ang pasasalamat nila sa PhilRice dahil sa pagkakapili nito sa kanila, gayundin ang pasasalamat nila sa PCC dahil sa rekomendasyon nito na pagpapakita lamang na sila'y tunay na may kakayahang umangat sa gayong kabuhayan.

### Benepisyo sa proyekto

Ani G. Pascual, ang proyekto ay kapalooban ng mga sumusunod: (1) tulong ng PhilRice sa kabuhayan nila sa pagtatanim ng palay; (2) pag-aalaga ng karagdagan pahiram na alagaing hayop tulad ng baboy, kambing at manok maliban sa kalabaw mula sa PCC; (3) *vermicomposting*; at (4) pagtatanim ng kabute.

Aniya, aasistehan sila ng PhilRice sa librenang pagsasanay at iba pang tulong pinansiyal para sa matagumpay na "Palayamanan".

Ayon sa PhilRice, inaasahan na ang kikitain ng bawat magsasaka sa pagtatanim ng palay kada taon ay aabot sa Php100,000 habang



Si Michael Pascual kasama ang isa sa kaniyang mga gatasang kalabaw sa bukirin niyang matatagpuan sa Barangay Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera, Nueva Ecija.

Php381,250 naman ang sa paggagatas ng limang kalabaw.

Samantala, sinabi ni Ericson Dela Cruz, *CBED national coordinator*, sa *vermicomposting* naman ay may kitang Php54,000 kada taon.

Sa kabuuan, maaaring kumita ng Php535,250 ang bawat magsasaka sa tulong ng mga kabuhayang nabanggit.

Hindi pa kasama rito ang kita

(Sundan sa p.3)

## NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,  
isang ahensiyang nasa ilalim ng  
Kagawaran ng Agrikultura

Rowena Galang-Bumanlag  
Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang  
Tagapamahalang Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang  
Chrissalyn L. Marcelo  
Mga Manunulat

Chrissalyn L. Marcelo  
Layout at Disenyo

Wilma T. Del Rosario  
Lester S. Verona  
Estella P. Valiente  
Charlene P. Corpuz  
Nag-ambag ng Artikulo

Chrissalyn L. Marcelo  
Marilou A. Vallarta  
Mga Tagapamahala sa Sirkulasyon

Eric P. Palacpac  
Tagapayo

Arnel N. Del Barrio  
Pinunong Tagapagpaganap

### PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA SUMUSUNOD:

Pangalan	Katungkulan o Gawain	Cellphone Number
Ms. Wilma T. Del Rosario	NIZ Coordinator	0922-875-4250
Dr. Lester S. Verona	Veterinarian/Field Technician (Animal Health/Breeding)	0929-865-7893
Dr. Cecilio Castañeda	Veterinarian/Field Technician (Animal Health/Breeding)	0923-510-6978
Mr. Genaro Candelaria	Livestock Specialist	0922-363-0943
Mr. Mario M. Delizo	Field Technician (Breeding/AI)	0932-868-3318
Ms. Estella P. Valiente	Participatory Monitoring and Evaluation	0910-895-7566
Ms. Marilou A. Vallarta	Administrative Staff	0915-639-3785



Department of Agriculture  
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**  
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

[www.pcc.gov.ph](http://www.pcc.gov.ph)



Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at *e-mail*: [pcc-oed@mozcom.com](mailto:pcc-oed@mozcom.com)